

WORD

¹⁷Ngunit ngayon ay sinabi ko sa kanila, “Nakita n’yo ang nakakaawang kalagayan ng lungsod natin. Giba ang Jerusalem at sunog ang mga pintuan nito. Muli nating itayo ang pader ng Jerusalem para hindi na tayo mapahiya.” ¹⁸Sinabi ko rin sa kanila kung gaano kabuti ang Diyos sa akin at kung ano ang sinabi ng hari sa akin. Sumagot sila, “Sige, muli nating itayo ang pader.” Kaya naghanda sila para simulan ang mabuting gawaing ito.

Nehemias 2:17,18

WHAT

What does the Bible say?

Nasaksihan nating dumaan sa mga unos kamakailan lang ang ating bansa, ngunit sa kabila ng lahat ng mga ito, nakita rin natin kung papaano gumalaw ang Diyos para sa atin at kung paano tayo tumugon bilang isang bansa. Papaano babangon ang isang bansa mula sa isang napakahirap na mga kalagayan? Ang kaparaanan ng Diyos ay naiiba sa ating kaparaanan pagdating sa pagbangon ng bansa na may limitasyon. Heto ang mga iilang bagay na maaari nating matutunan sa kasaysayan ni Nehemias kung papaano tayo makakatuwang ng Diyos sa pagbangong muli ng ating bansa.

- **Magtayong muli na may paniniwalang may layunin ang Diyos.**

Ngunit ngayon ay sinabi ko sa kanila, “Nakita n’yo ang nakakaawang kalagayan ng lungsod natin. Giba ang Jerusalem at sunog ang mga pintuan nito. Muli nating itayo ang pader ng Jerusalem para hindi na tayo mapahiya.”

Nehemias 2:17

Sa panahon ni Nehemias, ang mga gibang pader ay nangangahulugan ng kawalan ng kapayapaan at proteksiyon at ang mga sunog na pintuan naman ay nangangahulugan na ang kanilang mga marangal na mamamayan ay walang lugar upang isagawa ang kanilang mga pormal na mga transaksyon. Ito ay kahihyan sa ngalan ng Israel. Gayunman, minarapat ng Diyos na ipaalam sa mundo kung papaano Niya pinangangalagaan ang Kanyang bayan at na ang Kanyang mga layunin ang siyang mananaig (Kawikaan 19:21). Ano sa iyong paniniwala ang kalooban ng Diyos para sa ating bayan?

- **Magtayong muli sa pamamagitan ng kabutihan ng Diyos.**

Sinabi ko rin sa kanila kung gaano kabuti ang Diyos sa akin . . .

Nehemias 2:18

Hindi tinayong muli ni Nehemias ang mga pader ng Jerusalem na mag-isa lang, maging ang mga Judio ay hindi hinayaang gawing mag-isa ang mga ito. Kinailangan ang may ka banalang kakayahan ng Diyos at ng Kanyang paglalaan upang tapusin ang napakalaking gawain. Ngunit isang aral ang makikita rito: maluwa sa kalooban ni Nehemias na sumunod sa Diyos. Bakit maaari tayong magkaroon ng katulad tiwala na sundin ang Diyos kahit na tayo ay may mga limitasyon (Filipos 2:13)?

- **Magtayong muli nang may pagtitiwala.**

. . . Sumagot sila, “Sige, muli nating itayo ang pader.” Kaya naghanda sila para simulan ang mabuting gawaing ito.

Nehemias 2:18

Nang narinig ng mga tao na nangako ng tulong ang Diyos at binigyan sila ng pabor, daglian silang tumugon sa hamon na maitayong muli ang pader. Minsan, nag-aalangan tayo na tapusin ang isang bagay hanggang sa huli. Ngunit kapag itinuon natin ang ating pananalig mula sa isang limitadong pagmumulan sa isang Nilalang na tunay na nagtatapos ng sinimulan (Genesis 2:2; Juan 19:30), napapalakas ang ating pananampalataya. Bakit natin mapagkakatiwalaan ang Diyos na mangyayari ang mga malakihan at imposibleng bagay sa ating bansa (Filipos 1:6)?